ANG Bayan

Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Tomo L Blg. 9
Mayo 7, 2019
www.philippinerevolution.info




EDITORYAL

# Labanan ang pakanang dayain ni Duterte ang eleksyon

Dapat mahigpit na magkaisa at maghanda ang malawak na masa ng mamamayang Pilipino, lahat ng kanilang patriyotiko at demokratikong pwersa, oposisyong pulitikal at iba pang sektor para labanan ang iskema ng pasistang rehimeng Duterte na dayain ang napipintong eleksyon.

Kailangang dayain ni Duterte ang darating na eleksyon dahil walang tsansang manalo ang mas marami sa mga kandidato niya sa pagkasenador sa Hugpong ng Pagbabago at PDP-Laban sa isang patas na eleksyon. Basa na ang papel nila dahil sa pagiging ahente at tuta ni Duterte, at dahil kilala sila sa korapsyon, duguang rekord sa maramihang pagpatay at batas militar, pagkasangkot sa iligal na bentahan ng droga at pagtraydor sa patrimonya at soberanya ng bansa.

Itinuturing ng iba't ibang sektor ang nalalapit na eleksyon bilang pagkakataon na ilabas ang hinaing ng bayan laban sa rehimeng Duterte at dagdag na larangan para labanan at patalsikin ang tiranikong rehimen.

Sinisiguro ni Duterte na pabor sa kanya ang resulta ng nalalapit na eleksyon para makontrol ang Senado, at sa gayo'y makontrol na ang lahat ng sangay ng reaksyunaryong gubyerno. Sa nakaraan,

*"Labanan..," sundan sa pahina 2*

## PDT ng AFP, binigwasan ng BHB sa Samar

BINIGWASAN NG MGA yunit ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa Samar ang abusadong mga yunit ng Armed Forces of the Philippines na nagtatago sa likod ng umano'y "community organizing for peace and development" o COPD sa iba't ibang baryo sa isla. Tugon ito ng BHB sa maraming reklamo ng mga magsasaka laban sa naturang mga yunit-militar. Kabilang sa kanilang mga krimen ang arbitraryong pangrerekisa sa mga bahay ng mga residente, pagbabanta at malisyosong pag-uugnay sa mga sibilyan sa BHB at pagkakampo sa gitna ng mga kabahayan.

Inambus ng BHB-Western Samar ang isang "peace and development team" (PDT) ng 46th IB sa pagitan ng mga bara-

*"PDT...," sundan sa pahina 4*

"Labanan..," mula sa pahina 1

naging sagka ang Senado sa kanyang itinutulak na pakana na baguhin ang konstitusyon para sa huwad na pederalismong pangkubli sa kanyang planong diktadura na magpapalawig sa kanyang paghahahring burukratang kapitalista,

Para palabasing nangunguna ang mga kandidato niya sa eleksyon, ginagamit ng mga kampanyador ni Duterte ang mga pekeng sarbey at binabaha ang radyo, telebisyon, mga dyaryo at internet ng mga patalastas at bayarang impluwensyador. Sa tangkang pahinain ang kanilang mga kalaban, *Red-tagging* at huwad na *narcolist* naman ang ginagamit niya laban sa mga oposisyon. Idineploy ng rehimen ang mga pwersang militar at pulis sa buong bansa at hayagang nagkakampanya laban sa mga pwersang kontra-Duterte sa Mindanao at tinaguriang mga "hotspot." Hawak ni Duterte ang Commission on Elections at ang sikreto at di ligtas na elektronikong sistema ng pagbibilang ng boto. Inalisan nito ng kapangyarihan ang mga tagapagbantay sa eleksyon. Dahil dito, tiyak na magiging isa sa pinakamarumi sa kasaysayan ng bansa ang darating na eleksyon.



Ang malawakang pandaraya pabor sa mga kandidato ni Duterte ay tiyak na magpapasiklab sa malawakang galit at protestang masa. Lalong pumapabor ang kalagayan para lumawak, lumakas at lalong tumapang ang nagkakaisang prente ng iba't ibang pwersang anti-tiraniya para sa paglaban at pagpapatalsik kay Duterte.

Habang naghahanda sa pandaraya si Duterte, dapat ding handa ang mga pwersang ito na himukin ang pinakamaraming posibleng grupo at indibidwal para tumulong na ilantad at kontrahin ang pandaraya, dagdag sa mga tampok na isyu laban kay Duterte tulad ng di maipaliwanag na yaman, ambisyong maging diktador, pamumuno at pagkasangkot sa droga, maramihang pagpatay, paglabag sa karapatang-tao at brutalidad sa todong gera, pagsuko sa China at pangangayupapa sa militar ng US, at iba pa.

Walang awat ang gamit ni Duterte sa pandadawit sa rebolusyonaryong kilusan, pagbabanta at paninindak, pagpangako ng reporma, akomodasyong pulitikal at panlilinlang upang pahinain ang pasya ng bayan at hatiin ang iba't ibang pwersang nakahanay laban sa kanyang tiraniya at iskema para sa pagtatag ng diktadura. Dapat silang mas mahigpit na magkaisa para pangibabawan ang mga taktika ni Duterte na paghiwa-hiwalayin ang mga pwersang oposisyon.

Dapat makapagpakita sila ng nagkakaisang paninindigan upang bigyang-inspirasyon at palakasin ang loob ng sambayanang Pilipino para maramihang kumilos at tumindig. Sa pagpapakita ng malawak na pagkakaisa, magagawa nilang himukin ang mas disenteng mga elemento sa burukrasya, militar at pulis para suportahan ang pakikibaka laban sa rehimeng Duterte at hikayatin ang kanyang imperyalistang amo na bitawan siya upang di

"Labanan..," sundan sa pahina 3

ANG Bayan

Tomo L Blg. 9 | Mayo 7, 2019

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloco, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Tumatanggap ang *Ang Bayan* ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan.

instagram.com/progressiveviews

@prwc_info

fb.com/groups/prwcnewsroomv2

cppinformationbureau@gmail.com

## Nilalaman

**Editoryal:** Maghandang labanan ang pandaraya ni Duterte sa eleksyon 1

PDT, inatake ng BHB sa Samar 1

Huwad na larawan ng kontra-insurhensya 4

PEZA at TESDA, ginagamit ng AFP 5

Mga berdugo ng Compostela Valley 6

Bata, patay sa sumabog na granada 7

Sidhi ng kahirapan, pinagtatakpan 8

Duterte, banta sa malayang midya 9

*Writ of amparo, habeas data,* inilabas 9

Ipagtanggol ang Pantaron 10

Ika-35 na Araw ng Cordillera 10

Paligsahan sa pagpaparami ng armas 11

Gaza, muling binobomba ng Israel 11

Kudeta laban kay Maduro, bigo 11

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

*"Labanan..," mula sa pahina 2*

masama ang kanilang estratehikong interes sa napipinto niyang pagbagsak.

Ang lumalalang krisis sa ilalim ng rehimeng Duterte ay nagpapahina sa buong naghaharing sistema. Tumatambad ang pagkabulok ng buong sistemang malakolonyal at malapyudal, kabilang ang reaksyunaryong eleksyon bilang bulok na paligsahan ng naghaharing uri. Dapat patuloy na pukawin, organisahin at pakilusin ng mga pwersang pambansa-demokratiko ang sambayanang Pilipino, laluna ang mga manggagawa at magsasaka, at iba pang demokratikong sektor.

Dapat ubos-kayang isulong ng mga makamasang organisasyon, alyansa at grupong *party list* ang mga pakikibakang masang anti-imperyalista, antipyudal at antipasista at tumulong sa lalong pagpapalakas ng nagkakaisang prente ng bayan laban sa pasistang rehimeng Duterte.

Dapat maglunsad ang Bagong Hukbong Bayan ng mga taktikal na opensiba laban sa pasistang mga yunit militar, laluna yaong nasa likod ng malulubhang pag-abuso, mga yunit na sumasakop sa mga komunidad na nagkukubli sa mga operasyong "peace and development," kabilang ang mga ipinakat ni Duterte sa buong bansa para dayain ang nalalapit na eleksyon. Dapat patuloy nilang isulong ang rebolusyonaryong armadong pakikibaka at samantalahin ang sitwasyon para isagawa ang malaganap at maigting na pakikidigmang gerilya at patuloy na isulong ang digmang bayan.

*"PDT..," mula sa pahina 1*

ngay ng Beri at Buluan sa Calbiga noong Abril 23, alas 3:40 ng umaga. Anim na sundalo ang agad na napatay habang siyam ang nasugatan. Isang K3 *light machine gun*, isang ripleng R4 at isang pistola ang nasamsam ng BHB sa ambus.

Sa Northern Samar, dalawang operasyong haras ang inilunsad ng BHB laban sa PDT ng 20th IB na nagkakampo sa loob ng mga komunidad ng Las Navas.

Noong Abril 16, isang sundalo ang napatay at isa ang nasugatan nang paputukan sila ng BHB sa Barangay Quirino, Las Navas. Kasabay nito, pinaputukan din ang mga sundalong nakakampo sa Barangay San Francisco sa naturang bayan. Isa pang sundalo ang nasugatan. Dalawang sundalo naman ang napatay sa isinagawang espesyal na operasyon noong Abril 17 sa Barangay Catoto-ogan kung saan dalawang .45 kalibreng pistola ang nakumpiska ng BHB. Sangkot ang mga PDT na ito sa iligal na mga saktibidad sa baryo gaya ng sugal.


**Panay.** Isang M16 at isang pistola ang nakumpiska ng BHB-Southern Panay nang atakehin nito ang *outpost* ng pulis sa hangganan ng Alimodian-Leon-San Miguel sa Iloilo noong Abril 27, alas-4:45 ng hapon.

**North Cotabato.** Dalawang sundalo ang napatay sa dalawang magkasunod na operasyong haras na isinagawa ng isang yunit ng BHB-Mt. Apo Subregional Command laban sa mga elemento ng 19th IB na nag-ooperasyon sa Barangay Badiangon, Arakan noong Abril 23. Sa taranta ng mga sundalo, walang patumangga silang nagpaputok ng kanilang mga baril at tinamaan ang kanilang kasamang elemento ng CAFGU. Para pagtakpan ang kanilang kapalpakan, pinalabas ng militar na "sibilyan na nadamay" ang naturang CAFGU. Isang oras matapos nito, 14 beses na nanganyon at nambomba mula sa ere ang 19th IB malapit sa mga sakahan at komunidad ng magsasaka. Dahil dito, napilitang magbakwit ang ilandaang residente ng Badiangon at kalapit na mga barangay.

**Compostela Valley.** Tatlong tropa ng 71st IB ang napatay at marami ang nasugatan sa operasyong demolisyon ng BHB-ComVal-Davao Gulf Subregional Command sa Barangay Cabuyuan, Mabini noong Abril 24, alas-9:45 ng umaga. Ang 71st IB ay notoryus sa pagpatay ng mga bata, brutalidad at paglapastangan sa mga Pulang mandirigma. *(Tingnan ang kaugnay na balita sa pahina 6.)* Matapos ang operasyon, agad ding nagpaulan ng bomba at nanganyon ang 71st IB sa lugar.

**Quezon.** Dalawang sundalo ng 80th IB ang napatay sa dalawang magkahiwalay na operasyong haras ng BHB-Quezon noong Abril 18 at Abril 19 sa Barangay Umiray, Gen. Nakar. Ang mga ito ay huli sa serye ng mga opensiba ng BHB sa lugar na nagresulta sa mga kaswalti ng AFP sa bawat pakikipagsagupaan ng mga yunit nito sa mga Pulang mandirigma mula Pebrero. Ipinagkalat naman ng AFP na nagkaroon ng engkwentro sa pagitan ng mga yunit nito at BHB sa Canaway, Gen. Nakar noong Mayo 1. Walang ganitong engkwentro at hindi rin totoo ang ipinahayag ng AFP na naggapi nila ang isang kampo ng BHB sa lugar.

**Mindoro.** Inisnayp ng BHB-Mindoro ang nag-ooperasyong tropa ng 203rd IBde na nanghalihaw sa San Jose, Occidental Mindoro noong Abril 29. Gayundin, pinalabas ng AFP na may naggapi silang kampo ng BHB sa lugar. Mariin itong pinabulaanan ng mga Pulang mandirigma.



# Huwad na larawan ng suporta sa kampanyang kontra-insurhensya ng AFP

Sa nagdaang ilang buwan, pinatakbo ng Armed Forces of the Philippines (AFP) ang isang palabas sa midya para lumikha ng huwad na larawan ng "suporta" para sa brutal na National Internal Security Plan o Oplan Kapayapaan na gerang panunupil ng rehimeng Duterte. Gamit ang kapangyarihang *de facto martial law*, inobliga ng AFP ang ilang upisyal ng mga lokal na yunit ng gubyerno na maglabas ng mga resolusyon na nagdedeklarang "persona non grata" (o mga taong di katanggap-tanggap) ang Partido, ang BHB at ang mga tinataguriang "maka-Kaliwang grupo."

**Hungkag.** Maya't maya ang putak sa midya ng mga tauhan ng AFP na ang mga resolusyong ito umano'y ebidensya ng "nagkakaisang kilusan ng suporta" laban sa PKP at BHB. Mula Oktubre noong nakaraang taon, naglabas ang AFP ng mga pahayag sa midya na inilimbag ng ahensyang pambalitaan ng Malacañang. Batay sa mga pahayag na ito, mayroon diumanong di lalagpas sa 50 barangay, 15 bayan at 15 prubinsya ang naglabas ng gayong mga deklarasyon.

Ang lahat ng mga lugar na ito ay wala pa sa 0.12% ng kabuuang bilang ng barangay sa buong bansa. Ito ay 0.35% din lamang ng lahat ng barangay na nasasaklaw sa operasyon ng mga yunit ng BHB. Sa mga barangay na inilista ng AFP, halos kalahati ang nakakonsentra sa prubinsya ng Bukidnon, na may 464 na barangay.

Kumpara sa antas barangay, lalong walang kabuluhan ang yaong inilabas sa antas bayan at prubinsya, na ang mga upisyal ay pawang burukratang kakuntsaba ng mga lokal na upisyal militar at pulis. Pero kahit sa mga antas na ito, nagawa lang ng AFP na makakumbinse ng 3.5% ng kabuuang bilang ng bayan at mga syudad at 18% lamang ng lahat ng prubinsya na gumawa ng gayong resolusyon.

Sa kabuuan, napakaliit ng mga bilang na ito para gawing batayan ng AFP sa  mga engradeng deklarasyong tulad ng "pagsugpo sa insurhensya sa mga ugat nito."


**Kumpas ng AFP.** Pinalalabas na ang mga resolusyong kontra-BHB ng mga "peace and order council" (POC) ay sumasalamin sa sentimyento ng bayan. Ang totoo, ito'y ikinumpas ng AFP at ng Department of Interior and Local Government (DILG). Inobliga nila ang iba't ibang ahensya ng gubyerno na "makipagtulungan" sa ilalim ng National Task Force ni Duterte at sa itinutulak nitong kaparaanang "buong bayan" o *whole-of-nation approach.* Para suportahan ang AFP, naglabas ang DILG ng memo sirkular na "nagbabawal sumuporta sa mga grupong komunista at maka-Kaliwa."

Inilabas ang mga resolusyon sa pamamagitan ng mga "peace and order council" na matagal nang nagsisilbing dugtong ng AFP para itulak ang adyendang kontra-insurhensya sa mga ahensya ng lokal na gubyerno. Kunwa'y dumadalo lamang, pero ang totoo'y pinangunguluhan ng mga upisyal ng militar ang mga pulong ng POC sa antas-bayan, prubinsya o rehiyon. Tinatakot ng AFP ang mga upisyal ng lokal na gubyerno at inoobligang sumunod sa kumpas nito sa takot na maparatangan na komunista.

Isinunod ang mga deklarasyon sa inihandang padron ng AFP na sadyang bulag sa mapang-api at mapagsamantalang kalagayang sosyo-ekonomiko na nasa ugat ng armadong pakikibaka ng bayan, at sa halip ay naglalarawan sa armadong paglaban bilang "terorismo at panggugulo" at "hadlang sa progreso."

Sa pahayag ng 48th IB at 84th IB, inamin nilang "inudyok" nila ang mga lokal na upisyal ng Bulacan na ilabas ang gayong mga deklarasyon. Sa Negros Oriental, inutusan ng pinunong mga upisyal ng 3rd ID ang POC ng prubinsya na ilabas ang resolusyon batay sa borador na sila mismo ang nagbigay. Ang pulong sa La Union ng mga pamprubinsyang POC noong Marso 29 ay tuwirang pinanguluhan ng mismong kumander ng 7th ID na si Maj. Gen. Lenard Agustin.

Sa Bukidnon, ang inilabas na resolusyon sa mga barangay ay isinaayos sa kabuuan ng 1st Special Forces Battalion (SFB) na nag-ooperasyon sa prubinsya. Ang 1st SFB ay bantog na pasistang yunit ng AFP na nangmasaker sa limang magsasakang Lumad noong Agosto 18, 2015 sa Pangantucan, Bukidnon at sa apat na magsasaka noong



Marso 28, 2015 sa Tagoloan, Misamis Oriental.

**Saywar at korapsyon.** Ang mga deklarasyon laban sa BHB na ikimumpas ng AFP ay bahagi ng kampanyang saywar nito. Isa lamang ito sa kaliwa't kanang gimik ni Duterte at ng AFP. Nariyan din ang palabas na mga "surender" kung saan libulibong mga magsasaka at minorya na ang tinipon sa mga rali na inorganisa ng AFP at pinalalabas sa midya na mga rebelde na "sumumpa ng katapatan" sa AFP. Malamang na sa susunod na mga buwan, isasagawa ng rehimeng Duterte ang tinaguriang "lokal na usapang pangkapayapaan" kung saan kakausapin ng mga upisyal militar at upisyal ng gubyerno ang sarili nilang anino para makakuha ng malaking pondo ng gubyerno.

Ang kampanyang saywar ng AFP ay walang kabuluhang tangka na magpakitang lakas at pahinain ang loob ng bayan na magpunyagi sa landas ng armadong paglaban. Pinagtatakpan nito ang malulubhang problema ng kawalan ng lupa, pangaagaw ng lupa at yaman, na siyang nasa ugat ng paghihirap ng mamamayan. Para igiit ang presensya gubyerno, laluna sa mga liblib na komunidad, may mga palabas na mga "proyektong pangkaunlaran" ang rehimeng Duterte tulad ng pagtatatayo ng mga eskwelahan, pagbibigay ng mga pagsasanay at iba pa. Ipinatutupad ito ng mga yunit ng AFP para mapanatili ang mapanindak na presensya nito sa mga komunidad na bahagi ng brutal na taktika ng pagkontrol sa populasyon.

Ang korapsyon ay saligang katangian ng kontra-insurhensya. Sa paglulunsad ng mga palabas na kontra-BHB, nagagawa ng mga upisyal ng AFP, laluna sa antas dibisyon pababa, na makibahagi sa daan-daang milyong pisong "pondong pangkaunlaran" o para sa "community integration" na nakalaan sa kontra-insurhensya. Kasabwat nila ang mga lokal na upisyal at ahensya, pati na ang mga lokal na negosyo, sa mga proyektong pinatungan ang presyo na hindi dumadaan sa pagsusubasta.

## PEZA at TESDA, kinakasangkapan ng AFP

PINAPASOK NA RIN ng Armed Forces of the Philippines (AFP) ang mga engklabo ng paggawa o mga *export processing zone* bilang bahagi ng estratehiyang *whole-of-nation approach* ng National Task Force to End Communist Insurgency (NTF). Noong Marso 5, pinirmahan ng mga upisyal ng AFP, Department of National Defense at Philippine Economic Zone Authority (PEZA) ang isang kasunduan para sa paglulunsad ng mga pagsasanay militar sa mga manggagawa sa mga engklabo.

Sa tabing ng pagpapalakas sa reserbang pwersa ng reaksyunaryong estado, gagamitin ng militar ang kaayusang ito para makapaglunsad ng mga operasyong sikolohikal (*psyops*) sa loob ng mga pagawaan at siraan ang rebolusyunaryong kilusan sa hanay ng mga manggagawa. Gagamitin din nito ang naturang kasunduan para sa malawakang paniniktik sa mga manggagawa at pagsupil ng kanilang mga demokratikong pakikibaka.

Kinakasapakat din ng AFP at Philippine National Police ang National Commission on Indigenous Peoples at lokal na mga tanggapan ng Technical Education and Skills Development Authority (TESDA) sa paglulunsad ng *psyops* sa mga komunidad ng magsasaka at katutubo sa kanayunan sa tabing ng paglulunsad ng bokasyunal na mga pagsasanay at pangkabuhayang mga proyekto. Noong Marso, nagtapos ang isang grupo ng mga sundalo ng kursong konstruksyon sa TESDA. Ipapadala ang naturang mga sundalo sa liblib na mga lugar, tulad ng Talaingod, para kunwa'y magturo ng kasanayan sa pagkakarpintero sa mga Lumad. Ang mga Lumad at magsasaka ang karaniwang inuutusan ng mga yunit-militar ng AFP na magtayo ng kanilang mga detatsment sa loob o malapit sa mga baryo.

Samantala, inilunsad ng AFP ang Kagitingan Run 2019 noong Abril 7 sa loob ng kampus ng University of the Philippines sa Diliman, Quezon City. Ipinagbabawal ang presensya ng mga sundalo sa loob ng kampus, alinsunod sa Sotto-Enrile Accord, isang kasunduang ipinagtagumpay ng mga estudyante noong panahon ng diktadurang Marcos.

**Pagsupil sa mga karapatan.** Layunin ng kampanyang "persona non grata" ng AFP na supilin ang mga kalayaan ng bayan at hadlangan ang paggamit ng kanilang mga demokratikong karapatan na magorganisa at magpahayag ng hinaing. Target ng mga deklarasyon ang mga "organisasyong maka-Kaliwa" at ginagamit para sa malawakang pagbabansag na komunista upang gawing iligal ang anumang anyo ng mga organisasyong magsasaka. Kung ipatutupad para pigilang makapasok sa mga baryo ang mga aktibista, organisador o maging mga nagbibigay ng serbisyo o saklolo, nilalabag ng AFP maging ang batayang karapatan ninuman na magtungo sa anumang bahagi ng bansa.

Ginagamit ng AFP ang mga deklarasyong ito para ipilit na panatilihin ang armadong presensya nito sa mga komunidad na pabigat sa mga tao, sumisira sa kapayapaan ng komunidad at buhay ng mga pamilya, at paglabag sa mga internasyunal na protokol na nagbibigay-proteksyon sa mga komunidad sa panahon ng digma. Sa kamay ng AFP, ang mga deklarasyong ito ay ginagamit para ipataw ang absolutong kontrol sa pamamagitan ng pagtakda kung sino ang maaari o di dapat tanggapin sa mga komunidad na kanilang sinasakop.

**Iwaksi ang kampanya ng AFP.** Kung tutuusin, ang pasista, korap at kriminal na AFP ang totoong mga

*"Huwad..," sundan sa pahina 6*

# Mga berdugo ng Compostela Valley

PINATAY NG MGA sundalo ng 71st IB noong Abril 15 si Cindy Tirado, 28, isa umanong lider ng Bagong Hukbong Bayan (BHB). Nangyari ang insidente sa Barangay Canocotan, Tagum City, Davao del Norte. Ayon sa ina ng biktima, buhay si Tirado nang dakpin ng mga sundalo. Matapos ang matinding tortyur, binaril si Tirado sa ari at sa iba pang bahagi ng katawan. Naglagay ang mga sundalo ng riple sa bangkay ng biktima bilang umano'y ebidensya.

Ang karumal-dumal na pagpatay kay Tirado ay dagdag sa mahabang listahan ng mga krimen ng 71st IB na pinamumunuan ni Lt. Col. Esteyven Ducusin. Tumindi ang mga kabuktutan nito laluna nang ipataw ni Rodrigo Duterte ang batas militar sa Mindanao. Sa nagdaang halos isang dekada, naging notoryus ang batalyong ito sa mga kaso ng pagpatay, pagdukot at iligal na pag-aresto sa mga sibilyan sa Compostela Valley at mga karatig-lugar. Siyam na kaso ng pagpatay, anim na kaso ng pagdukot at iligal na pag-aresto ang direktang kinasangkutan ng yunit na ito. Gawain din ng nasabing yunit ang panliligalig sa buhay ng mga residente laluna sa mga bayan kung saan matindi ang pananalasa ng malalaking mina.

Kabilang sa tampok na mga kaso sa Compostela Valley ang pagpatay kay Sunshine Jabinez, 7, noong Setyembre 2011 sa Pantukan. Isa pang kaso ang pamamaril sa tatlong bata noong Abril 2013 sa Mabini. Namatay si Roque Antivo, 8, samantalang malubhang nasugatan ang kanyang kapatid na si Earl at tiyuhing si Jefrey Hernan, kapwa 13 taong gulang. Binansagan bilang "batalyong mamamatay-bata" ang 71st IB.

Kabilang din sa mga karumal-dumal na krimen ng 71st IB ang pag-aresto at pagtortyur kina Janry Mensis at "Jerry," mga maliitang minero, noong Nobyembre 2017 sa Mawab. Matapos pahirapan sa loob ng siyam na araw, dinala sila sa liblib na lugar at sinilaban. Noong Marso, naibalita rin ang pamamaril sa tatlong kabataang nangangaso sa Mabini, Compostela Valley.

Mula nang italaga sa Compostela Valley noong 2010, nagsilbing pwersang panseguridad ang 71st IB ng malalaking kumpanya sa mina na sumisira sa kalikasan at kabuhayan ng mga residente. Sinupil nito ang paglaban ng mga magsasaka at maliitang minero. Lima sa kanilang mga biktima ay mga myembro ng organisasyong magsasaka at tatlo ay maliitang mga minero.

Nang lumaon, naging mga tauhan na rin ang 71st IB ng malalaking plantasyon, kabilang ang Musahamat Farms. Nitong Marso 8, sapilitang pinapirma ng 71st IB ang 153 myembro ng Musahamat Farm Workers Union upang palabasin na nagbitiw sila. Kabilang sa pinapirma ang mga lider ng unyon, na dinukot at tinortyur ng mga sundalo ng 71st IB isang linggo bago nito. Mga elemento rin ng batalyon ang namaril sa kampuhang itinayo ng mga manggagawa noong Abril 2016.

Nagmula ang 71st IB sa Central Luzon, sa ilalim ng 7th ID. Sa panahon ng Oplan Bantay Laya 2, nakapailalim ang nasabing yunit sa kumand ng berdugong si Jovito Palparan. AB




"Huwad..," mula sa pahina 5

*persona non grata* sa mga komunidad ng magsasaka at minorya. Pinananatili nila ang kanilang presensya sa mga ito, hindi dahil may suporta sila ng mamamayan, kundi dahil itinututok nila ang baril sa mga tao. Ikinukubli nila ang kanilang mga pasistang pangil, subalit sa pinakamaliit na kibot ng paglaban, mabilis na hinuhubad ang pagkukunwari at sinasagpang ng pasistang dahas ang sinumang humamon sa kanilang absolutong paghahari.

Ang maliit na porsyento ng mga lokal na yunit ng gubyerno na nagpahinuhod sa pagtutulak ng AFP na ideklara nilang "persona non grata" ang BHB ay patunay na hindi lahat, kahit sa loob ng burukrasya ng reaksyunaryong estado, ay madaling nadadala ng AFP. Batid nila na ang ganitong mga deklarasyon ay magsisilbi lamang sa iskema ni Duterte at ng AFP na ipataw ang paghaharing militar sa buong bansa. Sa harap ng paninindak at mga banta, hindi lahat ng upisyal ng gubyerno ay handang makipagsayaw sa duguang AFP. AB

# Bata, patay sa sumabog na granada ng AFP

Isang siyam na taong gulang na bata ang namatay matapos sumabog ang granadang inihagis ng isang lasing na sundalo ng 20th IB sa Barangay San Miguel, Las Navas noong Abril 17. Bumibili noon ang biktima na si Armando Jay Raymunde sa tindahan sa tapat ng bahay na ginawang kampuhan ng mga sundalo.

Matapos ang insidente, agad na nagpalabas ng pekeng balita ang 20th IB at ibinintang ang kanilang krimen sa Bagong Hukbong Bayan (BHB). Ito ay sa kabila ng pagpapasinungaling ng mga nakasaksing kapitbahay.

Liban kay Raymunde, lima pang sibilyan ang napatay ng mga sundalo. Noong Abril 25, alas-4 ng hapon, pinagbabaril hanggang mapatay ng mga sundalo si Apolinario "Kap Pining" Lebico, kapitan ng naturang barangay. Sakay ng habal-habal si Lebico nang pagbabarilin ng mga lalaking nakamotorsiklo malapit lamang sa punong himpilan ng 20th IB sa Barangay San Jorge ng nasabing bayan. Malubhang sugatan ang kanyang manugang na si Dudong Capoquian, ang drayber ng habal-habal. Nakita pa ni Capoquian na dumiretso ang mga salarin sa loob ng kampo militar.

Pauwi noon si Lebico mula sa sentro ng Las Navas kung saan siya nangalap ng suporta para mabigyan ng hustisya ang pagkamatay ng kanyang kamag-anak na batang Raymunde. Matagal na naging aktibo si Lebico sa paglaban sa militarisasyon sa kanilang baryo at mga karatig-lugar. Ilang ulit na siyang inakusahan ng militar na tagasuporta ng BHB.

Nagkakampo ang mga pangkat sa "peace and development" ng 20th IB sa sibilyang mga istruktura sa loob ng mga barangay sa Las Navas. Pinamumunuan sila ni 1st Lt. Daniel Salvador Sumawang.

Nitong Mayo 6, pinagbabaril hanggang mapatay ng mga sundalo ng 20th IB si Melvin Obiado Cabe, residente ng Sityo Inoman sa Barangay Tagabiran, kung saan may nakatayong detatsment ng militar. Malubhang sugatan din ang anak ni Cabe.

Noong Abril 24, alas-9 ng gabi, pinatay naman si Wilmar Calutan, punong barangay ng Beri, Calbiga. Habang ipinagdiriwang ang pista ng barangay, dumating ang mga lalaking nakamotorsiklo at pumunta sa bahay ni Calutan. Inabutan siya sa loob ng banyo at doon pinagbabaril. Nakilala ng mga residente na mga sundalo ng 46th IB ang mga salarin.

Ayon sa taumbaryo, matapos ang ambus ng BHB noong Abril 23, ipinatawag ng mga sundalo si Calutan. Pinalayas din ng mga sundalo ang mga residente at mga bisita mula sa ibang baryo dahil may tao umano silang "kakatayin." Dahil sa takot, napilitan ang mahigit 370 residente na magbakwit.

Sa Negros Occidental noong Abril 22, alas-4:30 ng hapon, pinatay ng mga tauhan ng estado si Bernardino "Tatay Toto" Patigas, 72, tagapagtanggol ng karapatang-tao at kasalukuyang konsehal ng Escalante City.

Sakay ng kanyang motorsiklo ang biktima papunta sa sentro ng syudad nang parahin siya ng dalawang lalaki at pagbabarilin.

Isa si Patigas sa mga nakaligtas sa Escalante Massacre noong panahon ng diktadurang Marcos. Kabilang rin siya sa nagtayo at naging pangulong tagapagtatag ng North Negros Alliance of Human Rights Advocates. Mahigit tatlong dekada siyang naging aktibo sa pagtataguyod ng karapatang-tao.

Noong Abril 30, ala-1:40 ng hapon, pinatay sa pamamaril si Dennis Espano, 28, residente ng Barangay Tinampo, Bulusan, Sorsogon. Namamasada ang biktima sa kahabaan ng Barangay Poctol sa nasabing bayan nang harangin sila ng apat na lalaking sakay ng dalawang motorsiklo. Malapitang pinagbabaril ng mga ahente ng estado si Espano na agad niyang ikinamatay. Malubhang nasugatan naman ang dalawa niyang pasaherong sina Lilian Monteo at Zoren Furio. Si Espano ay aktibong myembro ng Anakpawis.

**Panggigipit.** Tatlong istap ng Karapatan-Sorsogon ang sinundan ng mga ahente sa paniktik habang pauwi mula sa kanilang upisina noong Abril 21, bandang alas-10 ng gabi.

Iniulat nina Ryan Hubilla, Elzie Aringgo at Rachelle Duave na binuntutan sila ng isang motorsiklo at sasakyang *pick-up* habang pauwi mula sa kanilang upisina.

Sa Barangay San Isidro, San Jose Del Monte, Bulacan, pinasok ng mga lalaking nakabonet ang bahay ni Mario Aki noong Abril 23 ng gabi. Ilang araw bago nito, kinumpronta ng mga sundalo ng 48th IB si Aki dahil myembro siya ng samahang magsasakang Pinagbuklod. Ilang linggo nang hinahalihaw ng mga sundalo ng 48th IB ang mga barangay ng San Jose Del Monte.

NAMATAY SA ALTAPRESYON noong Abril 19 ang bilanggong pulitikal na si Franco Romeroso habang nasa isang ospital sa Batangas City. Nagpapagamot siya sa sakit na *tuberculosis* at *diabetes*.

Isa si Romeroso sa tinaguriang Morong 43—mga manggagawang pangkalusugan na iligal na inaresto noong 2010 at ikinulong nang 10 buwan. Muling inaresto si Romeroso noong Marso 2015 sa gawa-gawang mga kaso. Siya ang ikaapat na bilanggong pulitikal na namatay sa ilalim ng rehimeng Duterte.

May 548 bilanggong pulitikal ngayon sa bansa, kung saan di bababa sa 225 ang inaresto sa ilalim ng kasalukuyang rehimen. AB

# Sidhi ng kahirapan, pinagtatakpan

Ilang linggo bago sumapit ang Pandaigdigang Araw ng Paggawa, ipinagyabang ng rehimeng US-Duterte ang estadistika nito sa kahirapan para sa unang semestre ng 2018 na nagpapakitang 21% lamang umano ng populasyon sa bansa (o 23.1 milyong Pilipino) ang mahihirap.

Palatandaan umano ito ng umuunlad na kabuhayan ng mamamayan at kalagayan ng empleyo sa bansa. Ang totoo, ang konserbatibong tayang ito ay resulta ng pagmamanipula sa estadistika upang magmistulang mas maliit ang bilang ng mahihirap. Isinasangkalan ito ngayon para ipagkait sa mga manggagawa ang matagal na nilang panawagan para sa sapat at disenteng trabaho at nakabubuhay na sahod.

Mula't sapul ay nagtatakda at gumagamit ang reaksyunaryong estado ng napakababang pamantayan sa pagtaya ng kahirapan. Resulta nito, puu-puong milyong mamamayan ang maling itinuturing na hindi na naghihirap.

Sa pinakahuli nitong ulat, ang kinilala lamang na mahirap ay yaong mga indibidwal na nagsusumikap na mabuhay sa P69.87 kada araw, o sa P349.37 (o P10,481 kada buwan) para sa isang pamilyang may limang myembro. Kapos ang halagang ito nang 65% sa tinatayang P1,004 kada araw na halagang kailangan ng pamilya para disenteng mabuhay.

Sa napakababang pamantayang ito, P244.57 lamang ang nakalaan para sa pangangailangan sa pagkain ng isang pamilya kada araw o P48.91 para sa isang indibidwal. Sa aktwal, ang mabibili lamang sa halagang ito ay walang sustansyang mga pagkain tulad ng tuyo at *instant noodles*. Sa isang pag-aaral ng Center for Women's Resources batay sa pangangailangang sustansya na itinakda mismo ng gubyerno, umaabot sa P596.50 ang kinakailangang badyet ng isang pamilya para sa sapat at masustansyang pagkain.

Ang napakababang pamantayan ay palatandaan na walang komprehensibong plano ang rehimen na wakasan ang sumisidhing kahirapan sa bansa. Ginagamit ni Duterte ang dinoktor na mga estadistikang ito para ikubli ang sumisidhing krisis sa ekonomya.

Sa kasalukuyan, umaabot sa 4.5 milyon ang walang trabaho habang 6.8 milyon naman ang tinaguriang "underemployed" o kulang ang trabaho. Samantala, umaabot naman sa 27.8 milyon ang may bulnerableng trabaho o yaong mga kontraktwal at nasa impormal na sektor ng paggawa. Hindi naman bababa sa pito sa bawat sampung Pilipino ang nagsusumikap na mabuhay sa P125 kada araw.

Sa harap ng higit pang pagdausdos ng kabuhayan ng mamamayan bunsod ng pagtataguyod sa mga neoliberal at kontra-mamamayang mga patakaran gaya ng batas na TRAIN, kontraktwalisasyon at pagpapako sa sahod sa napakababang antas, nananaginip nang gising si Duterte na malilinlang at mapaniniwala pa niya ang taumbayan sa "pag-unlad" na pilit na ibinabandera ng kanyang mga upisyal sa ekonomya.

**Protestang Mayo Uno**

Pinangunahan ng Kilusang Mayo Uno (KMU) ang malawakang protesta ng mga manggagawa bilang paggunita sa Pandaigdigang Araw ng Paggawa noong Mayo 1. Inilunsad ang mga pagtitipon sa iba't ibang bahagi ng bansa. Ipinanawagan nila ang umento sa sahod, pagwakas sa kontraktwalisasyon at hinamon ang mga kandidato ngayong eleksyong *midterm*.

Mahigit sampung libong manggagawa ang nagmartsa sa Maynila para manawagan na itaas ang pambansang minimum na sahod tungong P750. Siningil ng mga manggagawa ang rehimeng Duterte sa pagpapatuloy ng kontraktwalisasyon at lalong pagsahol ng kanilang kundisyon.

Binigyang-diin sa protesta ang pagpapabasura sa pahirap na batas TRAIN at pagbatikos sa pagsirit ng presyo ng mga bilihin. Bilang pagtatapos, sinunog ng mga nagprotesta ang *effigy* ni Duterte sa Mendiola, Maynila.

Tumulak ang grupo sa Liwasang Bonifacio para makipagkaisa sa Labor Win, isang koalisyon ng mga unyon, pederasyon at organisasyon ng mga manggagawa ngayong eleksyon.

Sa Timog Katagalugan, pinangunahan ng Pagkakaisa ng mga Manggagawa sa Timog Katagalugan ang protesta ng ilanlibong manggagawa. Pinakamarami ang nagtipon sa Calamba, Laguna na sentro ng mga engklabo sa rehiyon. Nagmartsa rin ang mga manggagawa sa Quezon, Rizal, Cavite at Batangas.

Sa Bicol, libu-libong mga manggagawa at kanilang mga tagasuporta ang nakiisa sa mga protesta na pinangunahan ng KMU-Bicol at Bayan-Bicol. Inilunsad ang mga ito sa mga lunsod ng Naga, Masbate at Sorsogon at sa Albay, Camarines Norte at Catanduanes. Ipinanawagan nilang buwagin ang Regional Tripartite Wage and Productivity Board na ginagamit para baratin ang mga manggagawa sa mga rehiyon.

Nasa 2,000 manggagawa sa ilalim ng KMU at Nagkaisa ang nagmartsa sa Davao City. Sa Koronadal City, may 500 manggagawa naman ang nagtipon. Bago nito, nagprotesta sila sa harap ng upisina ng Department of Labor and Employment XII sa General Santos City noong Abril 29.

Nagprotesta rin ang mga manggagawa sa mga lunsod ng Iloilo, Bacolod at Cebu. AB

# Duterte, banta sa malayang midya

KAISA ANG MGA mamamahayag sa buong mundo, ginunita ng mga grupo ng midya at Pilipinong mamamahayag ang Internasyunal na Araw ng Kalayaan sa Pamamahayag (World Press Freedom Day) noong Mayo 3. Ayon sa mga mamamahayag, mula nang maupo si Rodrigo Duterte sa poder, prayoridad na niya ang paninira at pang-iintriga sa midya para itago ang katotohanan sa kanyang gera kontra-droga at iba pang paglabag sa karapatang-tao.

Sa nakaraang dalawang taon, tumindi ang dinanas na panggigipit ng mga mamamahayag na naglathala ng mga balitang bumatikos sa pasistang mga krimen ni Duterte. Sinampahan ng gawa-gawang kaso ang mga mamamahayag ng *Rappler*, habang inaatake ang mga *website* ng mga grupo ng alternatibong midya upang sila ay patahimikin. Sa pamamagitan ng mga bayarang "troll", pinalalabas ni Duterte na mga terorista ang sinumang kumukwestyon sa kanyang administrasyon. Trabaho rin ng mga *troll* na ito ang pagpapakalat ng mga kasinungalingan at pekeng balita.

Nitong nakaraang buwan, naglabas ang Philippine Center for Investigative Journalism (PCIJ) ng mga ulat na naglalantad sa di mapaliwanag na paglaki ng yaman ng pamilyang Duterte. Sa halip na sagutin ang isyu, inatake ni Duterte ang PCIJ at inakusahang mga bayaran ito ng kanyang mga kalaban. Gamit ang kanyang kampon na si Dante Ang ng pahayang *Manila Times*, pinakalat nito ang katawa-tawang "Oust Duterte Matrix" na nagmula pa diumano sa Office of the President. Alinsunod sa naturang *matrix*, sangkot aniya sa pagpapatalsik kay Duterte ang Vera Files, National Union of People's Lawyers (NUPL), *Rappler* at PCIJ.

Dahil dito ay nagbitiw ang isa sa mga *editor* ng Manila Times na si Felipe Salvosa II. Sinalungat niya ang pasya ng pahayagan na ilabas ang *matrix* sa batayang galing ito sa tanggapan ni Duterte. Aniya, makaisang-panig ang paglalathala ng *matrix* nang hindi kinuha ang pahayag ng mga inaakusahang personahe.

Ang "Oust Matrix" ay tugon ni Duterte at kanyang mga payaso sa bidyo ng isang nagngangalang "Bikoy" na nagsisiwalat sa relasyon ng pamilyang Duterte at ng malapit na alalay nilang si Christopher Go sa mga sindikato ng droga. Sa nasabing bidyo, isinangkot ni Bikoy si Paolo Duterte, Bong Go at Manases Carpio, asawa ni Sara Duterte, sa tinaguriang Davao Group at sa Quadrangle Group, isang sindikato ng droga na nakabase naman sa Bicol. Kalauna'y nagpakilala si Bikoy bilang dating utusan ng isang sindikato ng droga sa Bicol na personal na naghahatid ng pondo mula sa pagbebenta ng droga kay Paolo Duterte at Go.

Para sa Altermidya, si Duterte ang pinakamalaking banta sa karapatan sa malayang pamamahayag at pagpapahayag. Walang pakundangan niyang ginagamit ang buong galamay ng estado upang atakehin ang mga myembro ng midya na hindi basta-bastang sumusunod sa kanyang kumpas.

Dagdag naman ng National Union of Journalists of the Philippines (NUJP), ang ganitong pakana ay naglalatag ng kundisyon para sa higit pang mga pang-aatake. Anito, ang pagdawit kay Inday Espina Varona, dating tagapangulo ng NUJP at *editor* ng Manila Times na inilistang kasapi umano ng NUPL, ay isa pang patunay sa kabalighuan ng nasabing *matrix*. Panawagan pa ng grupo sa mga kapwa mamamahayag na magkaisa at labanan ang anumang tangkang pagsupil sa kanilang hanay. AB

## *Writ of amparo* at *habeas data* pabor sa NUPL, inilabas ng Korte Suprema

NAGLABAS NG kautusang *writ of amparo* at *habeas data* ang Korte Suprema pabor sa petisyon ng National Union of People's Lawyers (NUPL) noong Mayo 3. Nagsampa ng petisyon ang NUPL noong Abril 15 para ipatigil ang *Red-tagging* at panggigipit ng rehimeng Duterte at ng militar sa kanilang mga myembro. Alinsunod sa kautusang *writ of amparo*, binigyan ng korte si Duterte at AFP nang hanggang Mayo 8 para ipaliwanag ang kanilang dahilan sa panggigipit sa mga abugadong nagtatanggol sa karapatang-tao. Alinsunod naman sa kautusang *habeas data*, obligado si Duterte at ang AFP na isumite sa korte ang lahat ng kanilang impormasyon tungkol sa naturang mga abugado.

Ang *writ of amparo* ay isang petisyon na isinasampa ng mga ginigipit para hingin ang proteksyon ng korte laban sa mga pwersang panseguridad ng estado. Ang *habeas data* naman ay para obligahin ang estado na ibigay sa korte o sirain ang impormasyon laban sa mga ginigipit nito.

Kasabay nito, naglabas din ng *writ of* kalikasan ang korte pabor sa mga mangingisda ng Palawan at Zambales para obligahin ang rehimeng Duterte na ipagtanggol ang Panatag Shoal, Ayungin Shoal at Panganiban Reef laban sa konstruksyon ng mga pasilidad at iba pang agresibong aktibidad ng China sa lugar.

Samantala, nagsampa ng hiwalay na petisyon para sa *writ of amparo* at *habeas data* ang Karapatan, Rural Missionaries of the Philippines at Gabriela noong Mayo 6. Pinatitigil nila sa korte ang paninira at malisyosong pag-uugnay ng kanilang mga organisasyon sa Partido Komunista ng Pilipinas at Bagong Hukbong Bayan. AB

# Magkaisa upang ipagtanggol ang Pantaron!

"MAGKAISA PARA depensahan ang Pantaron Range!" ang panawagan ng mamamayang Lumad at mga tagapagtaguyod ng kalikasan sa araw ng paggunita sa Earth Day noong Abril 22. Mariin nilang kinundena ang napipintong pandarambong sa yaman ng Pantaron Range sa Mindanao at pagwasak ng malalaking dayuhang korporasyon sa pagmimina at pagtotroso sa kalikasan.

Ang Pantaron Range ay may lawak na 12,600 kwadrado kilometro. Sakop nito ang 1.8 milyong ektaryang kagubatan na tumatawid sa mga prubinsya ng Davao del Norte, Davao del Sur, Bukidnon, Misamis Oriental, Agusan del Norte at Agusan del Sur. Mayaman ito sa mga mineral at rekurso. Mayor din itong pinagmumulan ng tubig ng mga ilog ng Davao, Talomo at Liboganon.

Sa pahayag ng PASAKA Confederation of Lumad Organizations, tatlong kumpanya sa pagmimina ang pinahintulutan ng rehimen na magopereyt sa lugar—ang Penson Mining Corporation, Lianju Mining Corporation at Philippine Meng Di Mining and Development Corporation. Nakatakda nilang dambungin ang mineral sa may 17,000 ektarya ng kagubatan ng Pantaron.

Dagdag pa nila, upang bigyang daan ang mga kumpanya ng mina, pilit na pinalalayas ang mga Lumad sa kanilang mga lupang ninuno gamit ang militarisasyon. Sinisiraan at tinatawag na terorista ang mga paaralang Lumad para bigyang katwiran ang isinasagawa nilang mga pamamaslang at pang-aabuso.

Isa sa naiulat kamakailan ang pagkasawi ni Datu Kaylo Bontolan dulot ng pambobomba sa kabundukan ng Kitaotao, Bukidnon.

Bata-batalyong mga tropa ng militar ang dumumog sa mga bayang sakop ng Pantaron. Mula huling bahagi ng 2018 hanggang sa kasalukuyan, hindi bababa sa 1,400 sundalo ang idineploy sa Cabanglasan at San Fernando, Bukidnon. Sinalakay at ipinailalim ng mga elemento ng 60th IB ang 12 komunidad sa hangganan ng Bukidnon, Agusan del Sur at Davao del Norte. Isa mga komunidad na ito, ang Sityo Tapayanon, ay lubos nang ipinailalim ng AFP sa kanilang kontrol. AB

## Ika-35 Araw ng Cordillera, ipinagdiwang

SA PAMUMUNO NG Cordillera People's Alliance (CPA), libu-libo ang dumalo sa pagdiriwang ng ika-35 Araw ng Cordillera mula Abril 23-29. Ginunita ito sa pamamagitan ng mga protesta, porum, konsyerto at mga kultural na pagtatanghal. Nagkaisa ang mga pambansang minorya at mga tagasuporta sa temang "Labanan ang tiraniya! Isulong ang pulitika ng pagbabago at sariling pagpapasya!"

Ginunita ng mga dumalo ang kabayanihan ni Macliing Dulag, lider ng tribung Kalinga na lumaban sa proyektong Chico River Dam ng diktadurang Marcos. Pinaslang si Dulag ng mga sundalo noong Abril 24, 1980.

Higit 3,000 ang nagmartsa sa Benguet noong Abril 29. Nilahukan ito ng mga pambansang minorya mula Mindanao, Panay, Central Luzon at Southern Tagalog. Dumalo rin ang mga tagasuporta mula sa ibang bansa. Nagtipon naman noong Abril 27 ang mga kasapi ng CPA sa Mt. Province, Apayao at Ifugao.

Pinangunahan rin ng CPA ang isang protesta sa lokasyon ng Chico River Pump Irrigation Project sa Pinucoc, Pinukpuk, Kalinga noong Abril 23. Kinabukasan, 1,000 ang lumahok sa isang protesta sa Tabuk City para labanan ang tiraniya. Noon namang Abril 24, nagmartsa ang mga progresibong organisasyon sa Baguio City at sa Bangued, Abra. Samantala, nagdiwang noong Abril 21 ang mga katutubong Igorot na nakabase sa Hongkong. AB

**Bantang demolisyon sa NBP Compound, nilabanan.** Nagpiket sa harapan ng Department of Justice noong Abril 29 ang mga residente ng New Bilibid Prison Compound sa Muntinlupa. Hiningi nila kay Sec. Menardo Guevarra na pigilan ang demolisyon sa kanilang mga tahanan, na iniutos ni Director General Nicanor Faeldon ng Bureau of Corrections.

Pinangunahan ng Kalipunan ng mga Mamamayan na Pinagkaisa sa New Bilibid Prison, Inc. ang pagkilos. Maapektuhan ng demolisyon ang nasa 30,000 residente. Ang karamihan sa kanila ay naninirahan sa lugar 30-40 taon na.

Sa Panay, nagpiket ang mga kasapi ng Bayan sa harapan ng Iloilo City Hall noong Abril 26 para itulak ang lokal na gubyerno na aksyunan ang kakulangan ng tubig sa kanilang lugar.

**Ika-12 taon ng pagkawala ni Jonas Burgos, ginunita.** Nagtipon sa harapan ng upisina ng Commission on Human Rights sa Commonwealth Avenue, Quezon City ang mga kapamilya ni Jonas Burgos at mga tagapagtanggol ng karapatang-tao noong Abril 26. Ito ay paggunita sa ika-12 taon mula nang dinukot si Burgos ng mga tauhan ng rehimeng US-Arroyo. Kinundena nila ang nagpapatuloy na kawalang-pananagutan sa bansa at ang teroristang mga atake ng rehimeng Duterte sa mamamayan.

Samantala noong Abril 27, kasabay ng pagdinig ng kaso nila Vicente Ladlad at mag-asawang Alberto at Virginia Villamor sa Quezon City Hall of Justice, nagpiket ang kanilang mga kapamilya at mga tagapagtanggol ng karapatang-tao para ipanawagan ang kagyat na pagpapalaya sa tatlo.

Nagprotesta rin ang mga kasapi ng National Federation of Sugar Workers, Kilusang Magbubukid ng Pilipinas at mga tagapagtanggol ng karapatang-tao noong Abril 30 sa Northern Negros. AB

## Paligsahan sa pagpaparami ng armas nukleyar, muling iinit

TIYAK NA MULING IINIT ang paligsahan ng US at Russia sa produksyon at paggamit ng armas nukleyar matapos ianunsyo ni Donald Trump, presidente ng US, ang posibleng pag-atras ng bansa sa Intermediate-Range Nuclear Force Treaty (INF) noong Pebrero 2.

Kapag itinuloy ni Trump ang pag-atras, kusang mawawalan ng bisa sa US ang naturang tratado sa darating na Hulyo. Ipinagbabawal sa INF ang paggamit ng mga misayl na nukleyar at kumbensyunal na may kakayahang lumipad ng distansyang 500 hanggang 5,500 kilometro. Una itong pinirmahan noong 1987 ng noo'y pinuno ng Soviet Union na si Mikhail Gorbachev at presidente ng US na si Ronald Reagan.

Una nang inatrasan ng US ang tratadong nagbabawal sa paggamit ng mga misayl na *ballistic* noong 2002. Sa ngayon, isang tratado na lamang, ang New Start na naglilimita sa paggamit ng misayl na may malayuang lipad, ang kinikilala ng dalawang bansa. Nakatakda na rin itong repasuhin at ibasura ni Trump sa 2021.

Ngayon pa lamang, abala na ang US sa produksyon ng mga bagong armas nukleyar para idagdag sa dati na nitong malawak na arsenal. Kabilang dito ang mga armas nukleyar sa mga submarino nito. Nakatakdang tumabo ng bilyun-bilyong kita ang pinakamalalaking kumpanyang gumagawa ng armas tulad ng Boeing, Honeywell International, Lockheed Martin at Northrop Grumman sa paligsahang nukleyar. Sa kasalukuyan, hawak ng Russia (dating Soviet Union) at US ang 90% ng armas nukleyar ng buong mundo.

Sa kaugnay na balita, nakatakda na ring atrasan ng US ang Arm Trade Treaty, isang tratadong nagbabawal sa pagbebenta ng armas sa mga bansang may embargo at yaong gumagamit sa mga ito para sa henosidyo, mga krimen laban sa sangkatauhan o terorismo. Ang naturang tratado ay pinirmahan ng 101 bansa noong 2013, kabilang ang US, Germany, France at UK. Sa pag-atras sa tratado, maaari nang walang limitasyong magbenta ang US sa mga pasistang bansa tulad ng Saudi Arabia, na bantog sa pambobomba at pamamaslang ng mga sibilyan sa Yemen, at sa Pilipinas, kahit hayagan nitong binabatikos ang "gera sa droga" ng rehimeng Duterte. AB

### Gaza, muling binomba ng Israel

UMAABOT NA SA 19 Palestino ang napatay sa mga pambobomba ng Israel sa residensyal na bahagi ng Gaza sa loob ng dalawang araw nitong Mayo. Kabilang dito ang isang buntis at isang apat na buwang sanggol. Ang pambobomba ay sagot ng Israel sa ilang atake na inilunsad ng Hamas sa mga pwersang panseguridad ng Israel. Naganap ito sa gitna ng negosasyong pangkapayapaan sa pagitan ng dalawang bansa.

Bago nito, naglunsad ng demonstrasyon ang libu-libong mga Palestino malapit sa pader sa paligid ng bahagi ng Gaza na inokupa ng Israel. Ang demonstrasyon ay paggunita sa anibersaryo ng mga pagkilos noong nakaraang taon kung saan 62 ang pinaslang ng mga sundalo ng Israel sa isang araw lamang. Panawagan nila na ibalik ang mga teritoryong inagaw sa kanila ng Israel noon pang 1948, kung saan naganap ang malawakang pagbabakwit ng mga Palestino mula sa kanilang mga lugar na tinawag nilang "Al Nakba" o Ang Sakuna. AB

### Pangatlong kudeta laban kay Maduro, bigo pa rin

MULING NABIGO ang tangkang kudeta para patalsikin si Nicolas Maduro, presidente ng Venezuela, ng mga pwersang maka-oligarkiya at maka-US noong Abril 29.

Pangatlong tangka na ito sa nakaraang limang buwan lamang. Isang araw bago nito, nanawagan si Juan Guiado, na idineklara ang sarili bilang presidente ng bansa, sa armadong pwersa ng Venezuela na talikuran si Maduro at ilunsad ang isang kudeta na magpupwesto sa kanya bilang presidente. Kasabay nito, nanawagan si Guaido ng malawakang mga demonstrasyon sa pambansang kabisera. Liban sa ilang sundalo, nanatili ang suporta ng armadong hukbo ng Venezuela kay Maduro.

Ang mga demonstrasyong ipinatawag naman ni Guaido ay tinapatan ng malalaking pagkilos ng mga Venezuelan na sumusuporta sa lehitimong gubyerno. Isinisisi ni Guaido ang kabiguan sa mga "pangakong napako" ng ilang upisyal militar. Matapos mabigo, nanawagan pa si Guiado ng hayagang interbensyong militar mula sa US. Sa panahong iyun, positibo itong tinugunan ni Department of Defense ng bansa.

Ang serye ng mga tangkang pagpapatalsik ay bahagi ng pakana ng US na binansagang "Operation Liberty." Noong Mayo 1, sa okasyon ng Internasyunal na Araw ng Paggawa, pinasalamatan ni Maduro ang armadong hukbo at mamamayan ng Venezuela sa kanilang paninindigan laban sa panghihimasok ng US. AB